

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Pag-uulat at Paglilinis kapag May Namatay sa Bahay

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng mga rekomendasyon sa paglilinis at pagdidisimpekta sa mga tahanan kung saan may namatay, at ang kamatayan ay alam na o pinaghihinalaang bunga ng COVID-19.

Malinaw na ito ay isang mahirap na gawain para sa sinumang nakatira sa iisang bahay kasama ang namatay. Nangangailangan ito ng atensyon sa detalye at maingat na pagsunod sa pinakamahusay na mga alituntunin sa pagsasanay upang matiyak na ang bahay ay ligtas para sa iba pang mga residente. Nangangailangan din ito ng maingat na pagsunod upang matiyak ang kaligtasan ng naglilinis. Bilang karagdagan, kahit na ang gawaing ito ay maaaring magdala ng napakabigat na pasanin sa emosyon sa naglilinis, na tiyak na kakailanganing hawakan ang mga bagay na pag-aari ng namatay at maaaring kailanganin ding harapin ang mga pisikal na palatandaan na minamarkahan ang silid o ang lugar bilang isang lugar ng kamatayan.

Ang gabay na ito ay nagsisimula sa isang maikling balangkas ng mga hakbang na kakailanganin mong gawin kapag may namatay sa bahay, at pagkatapos ay magpapatuloy upang idetalye ang proseso ng paglilinis.

KAPAG MAY NAMATAY SA BAHAY NG DAHIL SA COVID-19: MGA UNANG HAKBANG

Magplano ng maaga

Kung nagbibigay ka ng pangangalaga para sa isang taong may malubhang sakit sa COVID-19, lalo na kung sila ay may edad na o may isang malubhang kondisyon na naglalagay sa kanila sa mataas na panganib, makatuwiran na planuhin nang maaga ang posibilidad ng kanilang pagkamatay. Ikaw ay dapat na:

- Makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa mga hakbang na kakailanganin mong sundin;
- Tukuyin ang isang punerarya o morgue na iyong pipiliin at gumawa ng mga plano para sa pagsunog sa bangkay (cremation) o paglilibing, depende sa personal na kagustuan at sa pamilya at mga kaugalian sa relihiyon.

Sa oras ng kamatayan

Kapag may namatay, mahalaga na mapanatili mo ang mga kasanayan sa pag-iwas na iyong inihanda habang pinangangalagaan ang namatay.

- Ang iba pang mga miyembro ng sambahayan ay dapat lumayo sa silid ng may sakit. Sa ibang mga pagkakataon, madalas na pinipili ng mga pamilya na magtipon sa tabi ng higaan ng isang mahal sa buhay kapag namatay ito. Nakalulungkot isipin na dahil sa COVID-19, imposible itong magawa dahil sa panganib ng impeksyon.
- Ikaw mismo ay dapat na umalis kaagad mula sa silid, na nag-iingat na maiwasang mahawakan ang katawan o iba pang mga bagay na nasa silid. Marahil mahirap na hindi magtagal sa loob, ngunit mahalaga na umalis kaagad sa silid ng may sakit upang maprotektahan ang iyong kalusugan at para maging madali para sa mga unang rumeresponde na pupunta sa iyong bahay upang patunayan ang kamatayan.
- Tiyakin na tanggalin kaagad ang PPE na iyong suot sa paglabas ng silid. Linisin ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi bababa ng 20 segundo o gamit ang isang sanitiser ng kamay na nakabatay-sa-alkohol. Ang sanitizer ay dapat na naglalaman ng hindi bababa sa 60% na alkohol upang maging mabisang alternatibo sa sabon at tubig. Kung ang mga kamay ay marumi, ang sabon at tubig ay ang tamang pagpipilian.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Pag-uulat at Paglilinis kapag May Namatay sa Bahay

Ipagbigay-alam ang pagkamatay at pagkatapos ay maglaan ng panahon para sa pagdadalamhati

Tiyakin na may isang tao sa sambahayan na tatawag sa 911 hangga't maaari para ipagbigay-alam ang pagkamatay.

- Maaaring ikaw o ibang miyembro ng sambahayan, pagkatapos na pagkatapos mong tanggalin ang iyong PPE at linisin ang iyong mga kamay.
- Ang sinumang tatawag ay dapat sabihin sa dispatser na ang namatay ay nagkasakit ng COVID-19.
- Ang 911 ay magpapadala ng mga unang rumeresponde, na maaaring magsama ng pulis at bombero. Kanilang susuriin ang lugar at maaaring tawagan ang Medical Examiner-Coroner ng Los Angeles County. Sasabihan ka kung ang iyong mahal sa buhay ay maaaring ipadala sa isang punerarya o morgue o kung ang Medical Examiner-Coroner ng Los Angeles County ang mamamahala.
- Kung kanilang ipinakukuha ang katawan, maaari mong tawagan ang iyong napiling punerarya o morgue para pumunta sa iyong bahay upang kunin ang katawan. Kung wala ka pang napili na punerarya o morgue, dapat mong sikaping makatukoy ng isa sa lalong madaling panahon
- Kung natukoy ng mga unang rumeresponde na kinakailangan ang pagsusuri ng Medical Examiner, ang bangkay ay maaaring ilipat ng tanggapan ng ME.

Kapag umalis na ang mga unang rumeresponde at isang plano ng pagkuha ng bangkay ay naihand na, maaari ka ng maglaan ng panahon kasama ang iba pang mga miyembro ng sambahayan.

- Habang ang kasalukuyang mga utos ng panlipunang (pisikal) pagdistansya ay ginagawang imposible na mag-imbita ng ibang mga taong hindi nakatira sa iyong sambahayan upang makiisa sa iyo, maaari mong tawagan ang pamilya o mga kaibigan o tipunin ang lahat sa pamamagitan ng online na koneksyon.
- Maaari ka ring tumawag sa isang miyembro ng kaparian na maaaring mabigay ng kapanatagan sa pamamagitan ng telepono o Internet.
- Hindi pa kinakailangang magsimula sa paglilinis. Kahit na makuha na ang bangkay, isang magandang ideya na ipagpaliban ang paglilinis nang hindi bababa ng 24 oras upang ang silid ng may sakit o ang lugar na nagsilbing silid ng may sakit ay maaaring mahanginan.
 - Kung ikaw ay nangangailangan ng propesyonal na tulong sa proseso ng paglilinis (basahin ang susunod na seksyon) dapat mong gawin ang mga pagsasaayos na ito kaagad.

PAGLILINIS SA PUWESTO

Kapag ang punerarya o ang pangkat ng Medical Examiner ay nakuha na ang bangkay mula sa iyong bahay, maaari nang magsimula ang paglilinis. Muli, tandaan na isang magandang ideya na ipagpaliban ng isang araw bago magsimula ng prosesong ito.

- Kung ang puwesto o silid kung saan namatay ang tao ay masyadong nakompromiso - kung ang bangkay ay nanatili roon ng matagal na panahon pagkatapos na mamatay o ang puwesto ay nakontamina ng mga likido ng katawan - kinakailangan ang isang propesyonal na tagalinis na may kasanayan at kagamitan upang mapangasiwaan ang mga kontaminadong gamit. Maaari kang makahanap ng isang tagalinis na sinanay na magtrabaho sa mga biohazard sa

<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CEH/DRSEM/Pages/EMB/MedicalWaste/Trauma-Scene.aspx2>

Pagkatapos na makuha ang bangkay at ang mga biohazard ay nalinis na ng mga propesyonal, ang pangkalahatang paglilinis ay maaari nang magsimula.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Pag-uulat at Paglilinis kapag May Namatay sa Bahay

- Kung ang iyong pamilya ay may kakayahan at hindi mo gusto na gawin ang paglilinis habang hinaharap ang iyong pagdadalamhati, makatuwirang umupa ng isang propesyonal na tagalinis para gawin ang trabaho para sa iyo.
- Kung ikaw man ay umupa ng isang tao o gawin ito mismo, dapat itong gawin nang mabuti at maingat gamit ang naaangkop na produktong panlinis at ang tagalinis ay dapat protektado ng naaangkop na PPE.
- Kasama dapat sa paglilinis ang ibinukod na puwestong tinirhan ng namatay kung saan siya inalagaan, ang banyo na kanilang ginamit, at kanilang mga kumot, damit, at iba pang mga gamit. Ang parehong personal na mga gamit at mga gamit na ginamit ng namatay na ginagamit rin ng buong sambahayan ay dapat na linisin at disimpektahin.

Mga produktong gagamitin sa paglilinis at pagdidisimpekta

Ang paglilinis at pagdidisimpekta ay dalawang magkahiwalay na mga hakbang sa proseso ng paglilinis.

- Ang paglilinis ay nakatuon sa pagtanggap sa mikrobyo (kasama ang mga virus), mga karumihan mula sa mga ibabaw. Ang paglilinis ay hindi pumapatay sa mga mikrobyo, ngunit binabawasan nito ang panganib ng impeksyon sa pamamagitan ng pagbawas sa bilang ng mga mikrobyo sa ibabaw.
- Ang pagdidisimpekta, sa kabilang banda, ay hindi talaga ginagawang malinis ang ibabaw, ngunit binabawasan nito ang panganib ng impeksyon sa pamamagitan sa pagpatay sa mga mikrobyo sa ibabaw. Habang mas malakas ang pandisimpekta at mas matagal itong mananatili sa ibabaw, mas maraming mikrobyo itong mapapatay.

Para sa paglilinis:

- Ang maligamgam na tubig at sabon ay mabisa sa paglilinis. Tinatanggal nito ang mga mikrobyo at mga dumi mula sa mga ibabaw.
- Kung wala kang sabon, gumamit ng iba pang detergent na may tubig.

Para sa pagdidisimpekta:

- Gumamit ng isang komersyal na pandisimpekta na nakarehistro sa EPA kung mayroong magagamit.
- Isang alternatibo ay ang bleach na solusyon: 5 kutsara (1/3 baso) ng bleach sa bawat galon ng tubig o 4 na kutsarita ng bleach sa bawat litro ng tubig.
- Ang alkohol ay isang mabisang alternatibo kapag walang magagamit na ibang pandisimpekta.
- Ang mga pandisimpekta na spray at mga pambahay na bleach na solusyon ay dapat na hayaang manatili at matabunan ang ibabaw alinsunod sa mga tagubilin sa etiketa sa kemikal.

Ligtas na paggamit ng mga produkto sa paglilinis at pandisimpekta

- Suriin ang mga etiketa sa iyong produkto. **Huwag** ihalo ang bleach o anumang mga produkto na naglalaman ng bleach kasama ang anumang mga produkto na naglalaman ng **ammonia**, dahil ang gas na nalikha ay labis na mapaminsala.
- Ang mga produktong panlinis ay dapat na itabi na malayo sa abot ng mga anak at mga alagang hayop upang maiwasan ang pagkain/pagkalason.
- Kapag gumagamit ng mga produktong panlinis, buksan ang bintana kung maayos ang panahon, upang hayaang mawala ang mga amoy.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Pag-uulat at Paglilinis kapag May Namatay sa Bahay

- Tiyaking maprotektahan ang iyong sarili - tingnan ang gabay sa paggamit ng PPE sa susunod na seksyon.
Gumamit ng naaangkop na personal na pamprotekta na kagamitan (PPE)
Kakailanganin mo ng naaangkop na PPE upang maiwasan ang impeksyon habang ikaw ay naglilinis. Ang PPE ay magpoprotekta sa iyo mula sa anumang kontaminadong materyal na nandoon pa rin sa puwesto kapag nagsimula ka ng maglinis. Maaari rin itong magprotekta sa iyo mula sa mga nakakalason o nakakapinsala na kemikal na nasa mga produkto na iyong ginagamit para sa paglinis at pagdisimpekta.
- Magsuot ng malinis at mahabang manggas na damit upang maprotektahan ang iyong balat.
- Magsuot ng patapon (disposable) na mga guwantes sa buong proseso ng paglilinis. Ang mga guwantes ay dapat itapon pagkatapos ng bawat paglilinis. Huwag hugasan o gamiting muli ang mga guwantes. Linisin kaagad ang iyong mga kamay pagkatapos na tanggalin ang iyong mga guwantes sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng isang hand sanitizer na naglalaman ng 60% na alkohol kung hindi magagamit ang sabon at tubig. Dapat gamitin ang sabon at tubig kung ang mga kamay ay marumi.
- Kung may bahagi ng paglilinis na maaaring magsanhi ng pagtalsik ng mga likido, kakailanganin mo ng karagdagang PPE, kasama ang isang patapon (disposable) na takip sa mukha at mga goggles para protektahan ang iyong mga mata, ilong at bibig at isang patapon (disposable) na gown.
- Itapon nang tama ang lahat ng mga guwantes at mga takip sa mukha alinsunod sa mga gabay sa dulo ng dokumentong ito.

Maghintay ng isang araw kung ito ay posible

Dapat mag-ingat kapag hinahawakan ang mga gamit na ginagamit o hinawakan ng namatay dahil ang virus ay maaaring mabuhay nang matagal sa iba't ibang mga surface.

- Kung praktikal, tulad ng nabanggit, maghintay muna bago linisin ang puwesto hanggang **hindi bababa sa isang araw (24 oras)** pagkatapos kunin ang bangkay.
- Padaluyin ang hangin sa puwesto sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga bintana bago maglinis kung maaari. Ang maayos na bentilasyon sa puwesto ay magbibigay-daan sa pag-alis sa mga maliliit na patak sa palahingahan mula sa hangin bago ang paglilinis at padisimpekta.

Mga pinakamahusay na pagsasanay sa paglilinis ng partikular na mga puwesto na tinitirhan:

- **Matitigas na mga ibabaw o "madalas hawakan" na mga ibabaw** tulad ng mga patungan, mga lamesa, mga hawakan ng pinto, mga palikuran, atbp. ay dapat linisin muna gamit ang sabon at tubig. Pagkatapos ay ilapat ang pandisimpekta tulad ng tinagubilin sa etiketa. Tiyakin na ang pandisimpekta ay nananatili at natatabunan ang ibabaw sa loob ng kontak na oras na nakalista sa etiketa.
- **Malalambot na mga ibabaw** tulad ng mga sahig na may karpit, mga basahan, mga kurtina, atbp. ay dapat na linisin gamit ang tubig at sabon o gamit ang panlinis na naaangkop para gamitin sa mga ibabaw na ito.
- **Mga nalalabhan na gamit** tulad ng mga kobre kama, mga tuwalya, damit, atbp. ay dapat na labhan alinsunod sa mga tagubilin ng tagagawa gamit ang pinakamaligamgam na setting ng tubig na maaari. Ang mga gamit ay dapat na ganap na tuyo na bago ang susunod na paggamit.
 - Magsuot ng mga guwantes kapag humahawak ng maruming labahan. Linisin ang iyong mga kamay pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes.
 - Huwag pagpagin ang maruming labahin. Ang pag-pagpag ay maaaring magkalat ng virus sa hangin.

Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County Gabay para sa Pag-uulat at Paglilinis kapag May Namatay sa Bahay

- Linisin at disimpektahin ang mga pinaglagaan ng mga maruming labahin alinsunod sa gabay sa ibaba.
- **Mga Elektroniko**, tulad ng mga tablet, mga touch screen, mga keyboard at mga remote control ay dapat punasan habang sinusunod ang mga tagubilin ng tagagawa para sa paglilinis at pandisimpekta.
 - Kung walang gabay na magagamit, gumamit ng mga pamunas na nakabatay-sa-alkohol o mga spray na naglalaman ng hindi bababa sa 70% na alkohol. Hayaang ganap na matuyo ang mga ibabaw.
- **Ang basura** ay dapat ilagay sa isang basurahan na may nakasapin na plastik na supot. Kapag puno na, itali ang supot at itapon sa labas ng pambahay na basurahan.
- **Ang Pagtatanggal sa Personal na Pamprotekta na Kagamitan** sa tamang pagkakasunod-sunod ay mahalaga upang maiwasan ang impeksyon.
 - Tanggalin muna at itapon ang mga guwantes; linisin kaagad ang iyong mga kamay pagkatapos na tanggalin ang iyong mga guwantes sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng isang hand sanitizer na naglalaman ng 60% na alkohol kung hindi magagamit ang sabon at tubig.
 - Sunod ay tanggalin ang mga goggle gamit ang isang kamay at ang takip sa mukha gamit ang kabilang kamay at itapon ang takip sa mukha. Hugasang muli ang iyong mga kamay.
 - Ilagay ang lahat ng ginamit na mga guwantes, mga takip sa mukha, at ibang mga kontaminadong gamit sa isang plastik na supot at itali ito bago itapon kasama ang iba pang basura sa bahay. Linisin ang iyong kamay pagkatapos hawakan ang mga gamit na ito.

Kapag nakumpleto na ang masusing paglilinis at pagdisimpekta, ang puwesto ay maaari nang tirhang muli.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol COVID-19, bumisita sa:

- [Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County](#)
- [Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California](#)

Para sa partikular na impormasyon tungkol sa paglilinis, kasama ang detalyadong impormasyon tungkol sa pagtatanggal at pagtatapon ng PPE, bumisita sa:

- [Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit](#)
- [Environmental Protection Agency, Mga Pandisimpekta na Ginagamit Laban sa SARS-CoV-2](#)